Volume 17 September 2020
ACADEME University of Bohol, Graduate School
and Professional Studies Journal
Print ISSN 2362-9142
DOI: http://dx.doi.org/10.15631/aubgsps.v17i1.155

# Pagsusuring Istaylistiko sa mga Piling Hugot Lines ni Bishop Alberto S. Uy: Mungkahing Disenyo Ng Aralin

**IRENE G. GULE**
irenegule30@gmail.com
https://orcid.org/0000-0003-2802-3127

## ABSTRAK

Ang pag-aaral Pagsusuring Istaylistiko sa mga Piling hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy. Layuning ng pag-aaral na masuri ang antas ng wika, pagtukoy sa paningin, paraan ng paglalarawan, uri ng tayutay, at implikasyon sa mga piling hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy. A n g kwalitatibong pagsusuring pangnilalaman ang ginamit sa pag-aaral. Sinuri ng mananaliksik ang piling pitumpong hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy.

Nagkaroon ng makabuluhang kinalabasan sa mga sumusunod: sa antas ng wika, karamihang ginagamit na salita sa pagpapahayag nangunguna ang lalawiganin, pampanitikan at pambansa ang pumapangalawa at pumapangatlo ang kolokyal; sa uri ng paningin, karamihang ginagamit ang ikatlong panauhan; sa paglalarawan naman, karamihang ginagamit ang karaniwang paglalarawan dahil ang may–akda ay kadalasan nakikipag-usap sa normal pagpapahayag; samantala sa uri ng tayutay, karamihan sa mga salitang ginagamit sa pagpapahayag ang tayutay na konsonans nangunguna, pumapangalawa ang pagtatambis at pumapangatlo ang paradoks. Makabuluhan ang pagtuturo kung nakukuha ng guro ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paksang nakapupukaw sa kanilang atensyon. Sa pagtuturo ng hugot lines bilang panitikan, nagkakaroon ng interaksyon ang mag-aaral at guro sapagkat nagkaroon ng tiyakang pag-uugnay ng mga sarili sa tunay na sitwasyong pamumuhay. ito ng makabagong kaalaman.

Sa inilahad na mga datos, natuklasan sa pag-aaral na nangingibabaw ang lalawiganin; ikatlong panauhan ang paninging ginagamit ng akda;

karaniwang Paglalarawan ang mga hugot; at konsonans na tayutay ang nangingibabaw.

**Keywords:** Istaylistiko, Pagsusuri, Hugot Lines

## PANIMULA

Isa sa katangian ng wika ay ang pagiging malikhain. Sa patuloy na paglago ng ating lipunan ay patuloy rin ang pag-usbong ng iba't ibang anyo ng talastasan at uri ng panitikan sa bansa katulad ng mga hugot lines, pick up lines, flip top at iba pa na karaniwang maririnig sa radyo, telebisyon at tinatangkilik sa social media. Ang mga nauusong ito ay isa sa mga halimbawa ng panitikan ngayon na unti-unting namamayagpag sapagkat umaantig sa puso at damdamin ng bawat tao.

Sa mga nauusong anyo ng talastasan at uri ng panitikan ay masasabing isa itong instrumento upang maganyak at maakit na matuto ang kabataan sapagkat binibigyan ng malaking atensyon ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang *hugot lines* ay mga salitang nabuo sa pamamagitan ng emosyon. Ito ay tinatawag ding love lines 0 love quotes. Ito ay isang patunay na ang wika ay malikhain. Hugot lines ang tawag sa mga linya ng pag-ibig na nakakikilig, nakatutuwa, *cute, cheesy* o minsa'y nakaiinis. Karaniwang nagmula ito sa linya ng ilang tauhan sa pelikula o telebisyong nagmarka sa puso't isipan ng mga manonood subalit madalas nakagagawa rin ng sarili nilang (hugot lines) ang mga tao depende sa damdamin o karanasang pinagdaraanan nila sa kasalukuyan.

Sa karanasan ng mananaliksik bilang isang guro mapapansin din sa mga mag-aaral sa panahon ngayon na mas epektibo ang pagtuturo sa klase kung ang mga paksa ay may halong pagbibiro. Sila ay nababagot sa mga seryosong bagay gaya ng pangangaral tungo sa mga magagandang asal. Halos karamihan sa kanila ay nakalilimutan na ang magagandang asal na dapat taglayin nila upang sila ay maging isang produktibong mag-aaral.

Bunsod nito, nahikayat ang mananaliksik na suriin ang mga piling hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy gamit ang istaylistikong pagsusuri: antas ng wika na nangingibabaw, paningin o pananaw ang ginamit ng akda, paraan ng paglalarawan, mga mababasa o makikitang tayutay at

nilalayon ding makabuo ng disenyo ng aralin at kaparaanan na magagamit sa pagbibigay-interes sa mga mag-aaral. Naniniwala ang mananaliksik na magiging makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto kung nakukuha ng guro ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyal at paksang makapupukaw sa kanilang atensyon.

Ito ay nagbibigay linaw kung paano naapektuhan ng lipunan ang wika. Kung kaya't sinusuportahan ng teoryang ito ang pag-aaral dahil maaaring malaki ang impluwensya ng lipunan sa wika na maaari ring dahilan sa pag-usbong ng hugot lines sa lipunan. Maliban dito, maaaring ang mga salik na nakaaapekto sa kadahilanan ng kabataan at sa wika ay matatagpuan sa lipunan.

Ayon sa teoryang Didaktiko ni Alexander Pope (Cody, 2000) ang pagpapahalaga ay isang pamamaraan sa pagtuturong pangmoral na direktang sumasalungat sa pagtuturo sa siyensiya at sining. Nilinaw ng pananaw na ang isang kaisipang pangklasrum: ang istratehiya o teknik na ginagamit sa pagsasalin ng mga kaisipang pangmoral. Tinukoy rin nito ang mga instrumentong maaaring gamitin sa pagtuturo ng moral kagaya na lamang ng mga akdang pampanitikan na direktang nauugnay sa pagpapahalaga. Isang magandang instrumento ang mga hugot lines na susuriin sapagkat kakikitaan ang mga ito ng mga aspektong pang-moral na magsisilbing huwaran at gabay ng mga mag-aaral tungo sa matiwasay at mabuting ehemplo ng mga mag-aaral.

Ang *Istaylistikong pagsusuri* ay isang dulog kung saan sinusuri ang istilo at pamamaraang ginamit ng may-akda tulad ng wikang ginamit, pananaw o paningin na ginamit ng may-akda, paraan ng paglalarawan at mga makikitang tayutay sa akda.

Ang *panunuring pampanitikan* ay isang malalim na paghihimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglalapat ng iba't ibang dulog ng kritisismo para sa mabisang pag-unawa sa malikhaing manunulat at katha. Sa dulog na istaylistiko, sinusuri ang istilo at mga *devices* na ginamit ng awtor: antas ng wika, paningin o pananaw ng pagkakasulat ng akda, paraan ng paglalarawan at tayutay na mababasa (Elihay, 2016).

Ayon kay Macalad at Tan (2016), ang hugot na dapat ay maging ekspresyon ng mga tao tungkol sa kanilang pagkabigo, ay naging parte ng kultura at komedya ng Pilipino. Nakasaad rin dito na mahilig na rin makisabay ang mga Pilipino kung kaya't umiral ang paggamit ng hugot lines. Sinasabi rin dito na upang maging epektibo ang hugot, kailangan itong sabihin sa tamang oras at sitwasyon.

Kinakailangan magkaroon ng mga angkop na kasanayan ang mga guro upang epektibong magamit ang kanilang kaalaman (National Council for Accreditation of Teacher Education, 2008). Sa pagtuturo hindi lamang na mahalaga na may malawak na kaalaman ang guro sa paksa, mahalaga rin na kung paano maibabahagi ng guro ito sa mga mag-aaral na magagamit o mailalapat nila ito sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Ayon naman kay Reyes (2014) sa kanyang aklat na “Ang Puno’t Dulo ng Kulturang Popular”, ang kulturang Popular ay higit na kontemporaryong expresyon ng mga pananaw na matatagpuan sa kapaligiran, artipak o nilikha o ginawa ng mga kapwa Pilipinong manlilikha/manunulat upang lagyan ng artikulasyon ang mga pangarap, ideya at saloobin ng nakakarami.

Ayon kay Saraza (2015), ang hugot ay metaporang ginagamit ng kabataan upang mahugot at mailabas nila ang kanilang emosyon. Nasabi rin dito na minsan ay mas madaling ngumiti na lang kaysa ipaliwanag kung bakit ka malungkot kaya’t ang hugot ay nagiging paraan ng pagpapagaan ng problema. Ang hugot din ay nagiging paraan upang makipag-ugnayan sa mga tao dahil sa social media. Ang mga post ng mga tao na may hugot ay kadalasang mayroong maraming “likes” o “retweets”. Nakasaad dito na tungkol sa pag-ibig ang mga hugot dahil ang mga kabataan ay naghahanap ng sense of belongingness habang sila pa ay nasa developmental stage mula sa kanilang pamilya at kaibigan.

Ang salitang “hugot” sa Tagalog ay nangangahulugan na paraan ng paglabas o paghuhugot kung ano ang nadarama, naiisip na galing sa kaibuturan ng iyong puso at isipan. Ngayon, ginagamit ang salitang ‘hugot’ sa pang-araw-araw na pananalita. Ang salitang ‘hugot’ ay naging parte na rin sa kuwentuhang Pilipino. Laganap ang paggamit ng mga hugot lines sa pagpapahayag ng saloobin at damdamin na kapupulutan din ng mga mahahalagang mensahe tungo sa paghubog sa moralidad ng isang tao (Lasam, 2013).

Ang mga hugot lines ay mga modernong tayutay. Ito ay mga pangungusap na nabuo mula sa paghinuha ng mga sariling karanasan na kalimitan ang paksa ay tao, bagay, at mga pangyayari. Ito ay isang kontemporaryong ekspresyon o pagpapahayag ng nararamdaman gamit ang retorika sa paghahambing o paghahalintulad sa dalawang linyang anyo. Naging isang paraan ito upang mawala ang mga sakit at emosyon na nararamdam ng isang tao sapagkat naipapalabas niya ito sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga hugot lines.

Sa aklat ni Evasco at Ortiz (2008) Palihan: Hikayat sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat, "ang tayutay o figurative language ay wikang nagpapahayag ng kahulugan na iba sa literal na kahulugan nito. Sa pamamagitan nito lalong napapaganda ang binubuong tula ng isang makata at nagbibigay-kawilihan sa mga mambabasa o tagapakinig dahil nilalaman nito ang damdamin at diwa ng isang makata." Tinutukoy nito ang wikang nagpapahayag ng malalim na kahulugan na iba sa literal na pagbibigay-kahulugan. Ito ang nagbibigay-kulay sa pisang nabuo.

Ayon kay Garcia (2017), ang kulturang hugot ay isang bagong bagay. Tulad ng iba pang mga bagong uso, magtatapos lang din ito kapag ang mga tao ay napagod dito at may bagong nagaganap. Gayunpaman, ang mga kulturang Pangkasalukuyan tulad ng hugot ay hindi madaling mapakita ang kabuuan sa mga grapiko. Ang mga hugot lines ay pinapasa-pasa lamang sa gilid-gilid kaya't hindi masasabi na ito ay nagmula sa internet. Dahil dito, masasabi na ang hugot ay hindi buong mawawala sa ating kultura.

Sa pag-aaral naman ni Dones (2015), "The Stylistic Approach in Teaching Literature, ang "extratextual approaches" ay kinabibilangan ng tematik na pagdulog, ang interpretasyon ng mga tauhan, elemento ng pagsasalaysay, imagery at ang poetic (expressive at suggestive) na kagamitan.

Sa tesis ni Calibayan (2015) na pinamagatang "Pagsusuri sa mga Balyung Nakapaloob sa mga Salawikain ng mga Tinuray Sa South Upi, Maguindanao, Philippines, may tatlumpung salawikaing Tinuray siyang nalikom, isinalin sa wikang Filipino at sinuri. Napatunayan ng mga balyung likas sa kanilang tribu na siyang nagpapakilala sa kanilang pagkakilanlan bilang isang natatanging pangkat-etniko na naninirahan sa bansa. Maiuugnay ito sa pag-aaral na ito sapagkat sa mga nakalap at nasuring mga hugot lines ay nagtataglay rin ng mga pagpapahalaga o balyu na siyang pundasyon sa paghulma tungo sa kaaya-ayang kaugalian na siyang magpapaigting sa kulturang nakagisnan.

Ang pag-aaral ni Hasanah (2012) na pinamagatang "An Analysis of Figurative Language in the Madman," imahalagang unawaing maigi muna ang mga tayutay na ginagamit sa tulang binabasa bago intindihin ang kabuuan ng tula. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga tayutay ay mauunawaan nang malinaw ang tunay at buong kahulugan, mensahe at maging ang tema ng tula.

Ayon sa pag-aaral nina Arias (2017) na pinamagatang "Reflecting

Filipino Identities Through Hugot in Three Philippine Films: A Contextual and Prosodic Analysis" na ang hugot ay ipinapahayag ng isang tao na kadalasan ginagamit sa lipunan. Napag-alaman din na ginagamit ang Hugot upang maipahayag nila ang kanilang nararamdaman o saloobin sa kanilang nakaraan. Magagamit ito depende sa kung ano ang intensiyon ng isang tao.

Napag-alaman sa pag-aaral ni Sales (2015) na pinamagatang "The Use of Integrated Pinoy's Pick-up Lines and Hugot Lines in Teaching and Learning Strategy in Enhancing Understanding in Chemical Bonds" na ang paggamit ng Pinoys Pick-up Lines and Hugot lines ay epektibong stratehiya sa pagtuturo. Napag-alaman din na ang mga mag-aaral ay natutong gumawa ng reflective journal na naglalaman ng sariling pick-up lines at hugot line na ginagamit nila sa kanilang pagkatuto.

Iminungkahi ni Magahis (2019) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang Panitikang Magpalaya o Mandaraya? Isang Holistikong Kritika sa Kasalukuyang Panitikang Ginagamit sa Pagtuturo ng Filipino sa Baitang 7-10 na ang mga panitikang popular na tinatalakay sa Filipino ay marapat na bigyang linaw ang ibig ipakahulugan nito. Maaring subukang tingnan ang mga panitikang kinahuhumalingan ng mga kabataan sa kasalukuyan at ang mga bagong midyum na pinaglalagyaan ng mga panitikan sa tulad na lamang ng mga online resources sa halip na maging limitado sa mga itinuturong panitikan.

Sa pag-aaral naman ni Requino (2015) na pinamagatang "Mga Panultihong Cebuano: Salamin ng mga Pagpapahalagang Moral" tungkol sa mga salawikaing Cebuano, nangungulekta siya ng mga panultihong Cebuano o salawikain at isinalin ang mga ito sa Filipino at sinuri ang mga pagpapahalagang nakapaloob dito ayon sa pagpapahalagang moral. Natuklasan sa kanyang pag-aaral na marami pa rin ang patuloy na nag-iingat at nagpapahalaga ng mga panultihong Cebuano sa Iligan at karatig-pook. Natuklasan din niya na ang paggamit ng mga panultihon o salawikain ay parang isang pamana. Kaya may kaugnayan ang pag-aaral na ito sa kasalukuyang pag-aaral dahil na rin parehong nangungulekta ng mga panultihon na may pagkakahawig sa mga hugot lines. Samakatuwid, kakikitaan rin ng mga pagpapahalaga na nakatutulong sa pagpapanatili ng magandang gawi na siyang mahalagang yaman ng isang tao.

Sa pag-aaral nina Arela, Barreno at Decena (2017) na ang Epekto ng Hugot Lines at TV Ads sa estratehiyang Pangklasrum gamit ang Mobile Photography sa Digital Age, natuklasan na karamihan sa mga respondente

ay nakakaugnay sa hugot lines at pick up lines na TV Ads. Naniniwala sila na ang mobile photography ay epektibong gamitin bilang malikhaing estratehiya sa pagtuturo at ang pagkuha ng larawan ay makatutulong sa mga guro at mag-aaral upang makalikha ng mga sining na biswal.

Para sa katuparan ng pag-aaral na ito, nilalayong masagutan ang mga sumusunod na katanungan: (1) Anong antas ng wika ang nangingibabaw sa mga piling hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy; (2) Anong uri ng paningin o pananaw ang ginamit ng may-akda; (3) Anong paraan ng paglalarawan ang ginamit sa paglalahad ng mga hugot lines; (4) Anong uri ng tayutay ang mababasa o makikita sa mga piling hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy; at (5) Anong disenyo ng aralin ang maimumungkahi batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay nilapatan ng kwalitatibo na palarawang (descriptive) pamamaraan upang masuri at matukoy ang istilo ng manunulat sa pagbuo ng hugot lines. Ginamit ang kwalitatibo sa pamamaraang pagsusuri ng nilalaman batay sa mga sangkap ng Istaylistiko na kung saan ang mananaliksik ay nagsaliksik ng mga limbag na hugot lines na inakda ni Bishop Alberto S. Uy sa kanyang tatlong *facebook account* at ito'y susuriin ayon sa kahingian ng pag-aaral na ito. Ang mga resulta ng pagsusuri ay bibigyang pagpapakahulugan upang mapalawak at maipaliwanag ang implikasyon nito sa pagtuturo ng panitikan.

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng pananaliksik ng mga hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy na siyang gagamiting instrumento sa pag-aaral na ito. Ang mananaliksik ay sumangguni sa Paaralang Gradwado at Propesyunal na Pag-aaral para sa pagsasagawa ng pagsusuri sa mga piling hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy gamit ang istaylistikong pagsusuri. Isinangguni din ang nasabing mga akda sa tagapayo ng mananaliksik at ito ay binigyan ng pahintulot.

Bago ginamit ng mananaliksik ang mga piling hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy, binasa at pinagpilian muna niya ang karapatdapat na gagamitin sa pagsusuri. Ang mananaliksik ay pumili lamang ng pitumpung (70) piling hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy na susuriin ang ang mga antas ng wikang nangingibabaw, uri ng paningin o pananaw, paraan ng paglalarawan, at mga uri ng tayutay. Bumuo ng pamantayan ang mananaliksik na naging batayan sa pagpili ng mga hugot lines ng may-

akda. Ito ay isinangguni ipinawasto sa kanyang tagapayo. Ito ang mga sumusunod: (1) Kinakailangang hindi bababa sa (20) dalawampung hugot lines ang susuriin; (2) Ang mga ito ay orihinal na isinulat ni Bishop Alberto S. Uy. (3) Ang pangunahing wikang ginagamit ay Cebuano.

May isang natatanging Bishop sa Diocese ng Tagbilaran na si Bishop Alberto S. Uy o taguring "Abet Uy o "Teba Yu". Siya ang pampitong hinirang na Bishop sa Diocese ng Tagbilaran noong Enero 6, 2017 ng Cathedral ng San Jose na lumaki sa Ubay, Bohol. Siya ang pinakabunso sa anim na magkakapatid. Sa kaniyang narating ngayon at mahaba-habang serbisyo sa pagiging isang pari hanggang sa naging Bishop siya ay mababanaagan ng tiyaga upang maikintal sa isipan ng bawat tao ang lahat ng magagandang turo ng Panginoon. Kumakatha siya ng mga hugot lines na inilalahad sa kanyang *social media account* at maging mga palabas na kung saan siya ay nagbibigay ng mga mahahalagang mensahe ng Diyos upang mabasa at mapanood ng mga tao araw-araw at lalong lalo na sa kanyang pagpapaliwanag sa panahon ng banal na misa. Hanggang sa kasalukuyan ay kumatha siya ng sariling aklat na pinamagatang "Mga Hugot ni TebAyu".

Ang mananaliksik ay gumamit ng mga pitumpong (70) piling Cebuanong hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy na siyang sinuri at inalisa sa pamamagitan ng kasangkapang istaylisitko: antas ng wikang nangingibabaw, uri ng paningin o pannaw na ginamtit ng may-akda, paraan ng paglalarawan, uri ng tayutay at makabubuo ng mungkahing disenyo ng aralin kung saan ang pagpapahalaga nito ay nakaangkla sa Core Values ng Departamento ng Edukasyon.

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Sa bahaging ito isinasagawa ang paglalahad, pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos sa mga nakuhang resulta.

### Antas ng Wikang Nangingibabaw sa mga piling hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy

Nagkaroon ng makabuluhang kinalabasan batay sa antas ng wika. Karamihan sa mga salitang ginagamit sa pagpapahayag ay lalawiganin ang nangunguna, ang pampanitikan at pambansa ang pumapangalawa na kalimitang ginagamit at pumapangatlo ang kolokyal. Makikita dito sa

ginawang pagsusuri na hindi nagagamit ang antas sa isang particular na lalawigan.

**Uri ng Paningin o Pananaw na Ginamit sa mga Piling Hugot Lines ni Bishop Alberto S. Uy**

Nagkaroon ng makabuluhang kinalabasan batay sa paningin o pananaw. Unang panauhan, ikalawang panauhan, at ikatlong panauhan. Karamihan sa mga salitang ginagamit sa pagpapahayag sa mga nasabing hugot lines ay nasa Ikatlong Panauhan dahil ang mga nasabing hugot lines ay ipinapahayag hindi lang sa isang tao o dalawa kundi para sa lahat ng tao.

**Paraan ng Paglalarawan na Ginamit sa Paglalahad sa mga Piling Hugot Lines ni Bishop Alberto S. Uy**

Nagkaroon ng makabuluhang kinalabasan batay sa paglalarawan. Karamihan sa mga salitang ginagamit sa pagpapahayag karaniwang paglalarawan dahil ang may–akda ay kadalasan nakikipag-usap sa normal na paraan ng pagpapahayag.

**Uri ng Tayutay na Mababasa o Makikita sa mga Piling Hugot Lines ni Bishop Alberto S. Uy**

Nagkaroon ng makabuluhang kinalabasan batay sa tayutay. Karamihan sa mga salitang ginagamit tayutay na Konsonans, pumapangalawa naman ang pagtatambis at pumapangatlo ang uri ng tayutay na paradoks.

**Implikasyon ng Hugot Lines ni Bishop Alberto S. Uy sa pagtuturo ng Panitikan sa Asignaturang Filipino**

Makabuluhan ang pagtuturo kung nakukuha ng guro ang iteres ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga kagamitan at paksang nakapupukaw sa kanilang atensyon. Sa pagbabahagi ng mga kaalaman madalas nagkakaroon ng suliranin sapagkat sa kasalukuyang henerasyon hirap ng kunin ang atensyon ng mga mag-aaral. Sa pagtuturo ng hugot lines bilang panitikan ay nagkakaroon ng interaksyon ang mga mag-aaral gayundin ang guro sapagkat nagkaroon ang mga ito ng tiyakang pag-uugnay ng mga sarili sa tunay na sitwasyong pamumuhay. Bukod sa nakukuha nito ang interes ng mga mag-aaral, ang mga hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy ay isang makabagong anyo ng panitikan na kung saan nagtataglay ito ng makabagong kaalaman.

## MGA NATUKLASAN

### Pagsusuri sa mga Piling Hugot Lines ni Bishop Alberto S. Uy batay sa Antas ng Wika

Natuklasan sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik batay sa antas ng wika na nangunguna sa pinakamaraming salitang ginagamit sa pagpapahayag sa pitumpung (70) Cebuanong hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy ay nasa antas **Lalawiganin** sa kadahilanang ang paggamit ng mga salitang ito ay likas sa mga taong nakatira sa lalawigan. Ang kinalabasan ng ginawang pagsusuri ng mananaliksik ay may kaugnayan sa ginawang pag-aaral ni Akmaijan (2017) na nagkakaiba ang paggamit ng wika sa karamihan. Naihahatid ng wika ang mga kaisipan, damdamin at mithiin sa likas at makataong pamamaraan. Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang kinagisnan tulad ng mga wika sa lalawigan ay malayang naibabahagi ng tao ang kanyang mga opinion at saloobin sa paraang mauunawaan ng tagatanggap nito.

### Pagsusuri sa mga piling Hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy batay sa Paningin o Pananaw na ginamit ng may-akda

Sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik batay sa paningin o pananaw na ginamit ng may-akada sa pitumpung (70) piling hugot lines, natuklasan na karamihan sa mga salitang ginagamit sa pagpapahayag ay nasa **Ikatlong Panauhan** dahil ang anyo ng pagpapahayag ng may-akda sa kanyang mga hugot lines ay hindi para sa iisa o dalawa kundi para sa lahat. Ang isang alagad ng Diyos ay nagbibigay ng mga pahayag kaugnay sa pananampalataya ay isinasaalang-alang ang kapakanan ng nakararami, kung kaya ito ang nakitkitang pagsusuri ng mananaliksik kaugnay sa pananaw na ginamit ng may-akda sa kanyang mga hugot lines. Ang kinalabasan ng ginawang pagsusuri ng mananaliksik ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Mujumdar (2010) na sa pagsasalaysay o pagkukwento ay may mga matang tumutunghay sa mga pangayayri. Ito ang ginamit ng manunulat sa paningin o pananaw sa pagsasalaysay.

### Pagsusuri sa mga piling Hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy batay sa Paraan ng Paglalarawan

Natuklasan sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik batay sa paraan ng paglalarawan sa nasabing hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy na karamihan sa mga ginagamit sa pagpapahayag ay nasa **Karaniwang**

**Paglalarawan** sa kadahilanang ang may-akda ay kadalasan nakikipag-usap sa normal na paraan ng pagpapahayag. Gumagamit lamang ng payak na salita ang may-akda upang magbigay kabatiran sa ayos at anyo ng tao.

Ang karaniwang paglalarawan ay maaari ring gamitin upang tuwirang ilarawan ang damdamin ng isang tao. Mahalaga ang karaniwang paglalarawan lalong-lalo na ang paglalarawan sa damdamin sapagkat ang damdamin ng isang tao ay mahirap tukuyin at sukatin kung gayon ang pagpapahayag nito sa simpleng salita ay higit na makatutulong upang maunawaan ang nararamdaman ng isang tao. Mahalaga rin ang karaniwang paglalarawan sa mga panitikan dahil sa pamamagitan nito ay tuwirang nailalarawan ng mga makata o manunulat kung ano ang saloobin, naisip at nadarama. Ang kinalabasan ng ginawang pagsusuri ng mananaliksik ay may kaugnayan sa ginawang pag-aaral ni Sirbu (2015) na ang pagkakaisa ng bansa sa wika lalo na sa pakikipagtalastasan o pagkakaroon lamang ng isang wika sa pakikipag-usap ay mas makatutulong sa pagkakaintindihan at pagbubuklod o pagiging isa ng nasyon. Kailangan ang paggamit nito ay pormal at hindi mahahaluan. Kailangan rin ito ay simple at madali maunawaan sa lahat. Dahil dito masasabing ang panitikan ay ekspresyon ng tao at ang mga ekspresyong ito ay naipapahayag sa pamamagitan ng mga karaniwang paglalarawan.

**Pagsusuri sa mga piling Hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy batay sa Uri ng Tayutay**

Natuklasan sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik batay sa uri ng tayutay sa nasabing hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy na nangunguna ang konsonans sa kadahilanang binibigyan pansin ng may-akda ang paggamit ng tunog katinig sa huling bahagi ng mga taludtod na siyang nagpapatingkad sa mensahe upang maunawaan at nagpapaganda sa pagpapahayag ng mga kaisipang may magagandang aral na siyang maging gabay sa pang araw araw na pamumuhay ng tao. Ang kinalabasan ng ginawang pagsusuri ng mananaliksik ay may kaugnayan sa pag-aaral nina Evasco at Ortiz (2008) na ang ang tayutay o figurativre language ay wikang nagpapahayag ng kahulugan na iba sa literal na kahulugan. Sa pamamagitan nito lalong napapaganda ang binubuong hugot lines ng isang makata at nagbibigay kawilihan sa mga mambabasa o tagapakinig dahil nilalalaman nito ang damdamin at diwa ng isang makata. Mababanaag na gumagamit ng iba't ibang tayutay ang mga hugot lines na siyang

nagbibigay ng kasiningan, kariktan at kulay sa pagpapahayag ng mga kaisipan na nagdudulot upang maakit ang makaririnig at makababasa nito.

**Pagsusuri sa Implikasyon ng Hugot Lines ni Bishop Alberto S. Uy sa pagtuturo ng Panitikan sa Asignaturang Filipino**

Natuklasan sa ginawang pag-aaral ng mananaliksik na ang mga hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy ay maaaring gamitin sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino. Iminungkahi ni Magahis (2019) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang Panitikang Mapagpalaya o Mandaraya? Isang holistikong kritika Sa Kasalukuyang Panitikang Ginagamit sa Pagtuturo ng Filipino Sa Baitang 7-10 na maaaring subukang tingnan ang mga panitikang kinahuhumalingan ng mga kabataan sa kasalukuyan at ang mga bagong midyum na pinaglalagyan ng mga panitikan sa tulad na lamang ng mga online resources sa halip na maging limitado sa itinuturong panitikan.

Ang hugot lines ay isa sa mga nakakakuha ng atensyon ng mga kabataan sa kasalukuyan kung kaya maaari itong gamitin sa pagtuturo ng panitikan at makakuha ng magandang aral dito. Bukod pa sa nakagawian na itong itinuturo ay nakakuha rin ito sa interes ng mga mag-aaral dahilan upang maging aktibo sila sa talakayan.

## KONGKLUSYON

1. Ang nangingibabaw na mga salita sa mga hugot lines ni Bishop Alberto Uy ay nasa antas na lalawiganin. Ito ang mga salitang ginagamit sa isang lalawigan at hindi pamilyar na gamitin sa ibang lugar. Tinatangkilik ng tao ang bagong usbong na panitikang ito sapagkat ito ay nauunawaan at maraming aral ang makukuha. Ipinahihiwatig lamang dito na ang wika ay dinamiko o patuloy na umuunlad sapagkat ito ay buhay na buhay. Ang malikhaing paggamit ni Bishop Alberto S. Uy ay nakapagdagdag ng kagandahan at kalinawan sa paglalahad ng mga pangyayari, nararamdaman at naiisip. Ito ang bumubuhay sa mensaheng nais iparating nila at pumuoukaw sa inters ng bawat tagapakinig.
2. Ang uring paningin o pananaw ang ginamit ng akda na nangingibabaw ay ang ikatlong panauhan. Ang mga hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy ay ipinapahayag hindi lang sa iisa o dalawa kundi para sa lahat ng tao sa kadahilanan may nais siyang iparating sa mga tao.

3. Ang paglalarawang nangingibabaw sa mga hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy ay ang Karaniwang Paglalarawan. Gumagamit lamang ang may-akda ng mga tiyak at karaniwang salita upang madaling maintindihan ng mga tagapakinig ang mga mensahe na nais iparating ng may-akda.
4. Mababanaag din sa mga hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy ang paggamit ng mga tayutay kung saan ito ay nakagpapatalas ng isipan sapagkat may nakatagong kahulugan ang bawat pahayag na kung saan kailangan pang mag-isip ang sinumang makarinig o makabasa. Ang uri ng tayutay na nangingibabaw sa mga hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy ay ang tayutay na Konsonans. Lutang na lutang ang paggamit ng mga tayutay sa mga hugot line sapagkat nakatutulong rin ito upang mas mapaganda at nakakaakit ang pagpapahayag ng mga kaisipan na nag-uudyok upang tangkilikin at pahalagahan ng mga mambabasa at tagapakinig. Ang pagtukoy sa isang bagay sa paraang hindi kapani-paniwala, ang paghahambing sa isang bagay sa isa pang bagay, paggamit ng isang salita na kumakatawan sa isang bagay ay mga patunay na kakaiba at natatanging talento ni BIshop Alberto S. Uy sa pagsusulat.
5. Ang mga guro na tagapagtaguyod ng Wikang Filipino ay nararapat na kumilos upang ganap na mapakinabanganang mga teknolohiya at patuloy pang palaganapin ang wikang Filipino labas sa apat na sulok ng silid-aralan. Sa ganitong paraan maibubunsod ang paggamit ng wikang Filipino sa mga diskusyong siyentipiko at teknolohikal. Makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto kung nakukuha ng guro ang inters ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyales at paksang makakapukaw sa kanilang atensyon. Nakatutulong ang paggamit ng mga hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy sa pagtuturo ng panitikan sa mga asignaturang Filipino sapagkat nakukuha nito ang interes ng mga mga-aaral dahilan upang maging aktibo sa talakayan at nagiging makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto dahil nagkaroon ng interaksyon ang mga mag-aaral at guro.

## REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral, inilahad ng mananaliksik ang sumusunod na mga rekomendasyon;

1. Gamitin ang mga hugot lines ni Bishop Alberto S. Uy bilang pantulong

na aralin sa wika at panitikan sa asignaturang Filipino.
2. Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay gawing batayan at gamitin ng mga guro sa Filipino upang makabuo ng karagdagang istratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.
3. Gamitin ang mga hugot lines sa pagtataya sa mga kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagpapahayag.
4. Gamitin ng mga guro ang istaylistikong pagsusuri ng iba't ibang akdang pampanitikan lalo na sa pagsusuri ng mga makabagong anyo ng tula.
5. Magsagawa ng pag-aaral tungkol sa mga hugot lines gamit ang iba pang elemento ng pagsusuri gaya ng pormalistiko at didaktiko.
6. Gamitin ang inihahandang disenyo ng aralin kaugnay sa mga hugot lines sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Akmaijan, A. (2017). Pag-aaral sa Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Wastong Paggamit ng Wikang Filipinong Our Lady of Fatima University sa Kasanayan sa Pakikipagtalastasan

Arela, Barreno, & Decena, (2017) Ang Epekto ng Hugot Lines at TV Ads sa Estratehiyang Pangklasrum Gamit ang Mobile Photography sa Digital Age.

Arias, L. H. (2017). *Reflecting Filipino identities through hugot in three Philippine films: A contextual and prosodic analysis* (Doctoral dissertation, Iligan Institute of Technology).

Calibayan, M. D. (2015). Mga Balyung Nakapaloob sa mga Salawikain ng mga Tiruray sa South Upi, Maguindanao, Philippines. Isang Disertasyon. University of Sothern Mindanao.

Cody, D. (2000). The Victorian web. Retrieved from: http://goo.gl/MXJyGN

Dones, M. (2015) "The Stylistic Approach in Teaching Literature. MA. HSSD Newsletter-Manila. Issue 5. Vol 4.

Elihay, A. (2016) Teoryang Istaylistiko. Retrieved from: https://bit.ly/3Au8KDT

Evasco, E. Y., & Ortiz, W. P. (2008). *Palihan: Hikayat Sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat*. C & E Pub. Retrieved from:

Garcia, L. (2017). Is Hugot Culture Ending? Social Media & Digital Marketibg Agency Philippines

Hasanah, U. (2012). An Analysis of Figurative Language in the Madman by Kahlil Gibran. *Bachelor of Education (English), Faculty of Teacher Training and Education, Madura University*.

Lasam,V. (2013). Hugot. Retrieved from: https://bit.ly/2Yz0zZB

Macalad, N., & Tan, W. (2016) Hugot Nation. The La Sallian. Retrieved from https://bit.ly/3ByRyhY

Magahis, H. L. (2019) “Panitikang Mapagpalaya o Mandaraya? Isang Holistikong Kritika sa Kasalukuyang Panitikang Ginagamit sa Pagtuturo ng Filipino sa Baitang 7-10” Retrieved from: https://bit.ly/3Fy7eEo

Mujumdar, S. (2010). Teaching English Language and Literature in Non-native Context Electronic document available at language in india.com Volume 10:6 June 2010 ISSN 1930-2940. Retrieved from https://bit.ly/2lPkUGD

National Council for Accreditation og Teacher Education (2008). Professional Standards for the Accreditation og Teacher Preparation Institutions, Washington, DC: Author.

Requino, P. M. (2015). Mga Panultihong Cebuano: Salamin ng mga Pagpapahalagang Moral”. Di- nalathalang Tesis, MSU-Iligan Institute of Technology.

Sales, P. (2015). “The Use of Integrated Pinoy’s Pick-up Lines and Hugot Lines in Teaching and Learning Strategy in Enhancing Understanding in Chemical Bonds”.

Sirbu, A. (2015). “The Significance of Language as a Tool of Communication” Retrieved from https://bit.ly/3FwCio1

Reyes, S. (2014). Ang Puno't Dulo ng Kulturang Popular. Retrieved from https://bit.ly/2pEPe99

Saraza (2015). HugotLines101. Retrieved from https://bit.ly/3FAhOuz